3
Grade

(GCED)
# Global Citizenship Education Lesson Exemplar
# FILIPINO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Filipino
Grade Level: 3
Title: Respeto sa Kultura ng Kapwa: Daan Tungo sa Magandang Relasyon sa Kapwa
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Mercy B. Abuloc

Layout Artists: John Ray D. Barcena and Ariel C. Malate

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Denmark L. Yonson

Developmental Editor: Denmark L. Yonson

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Roel S. Cabungcag, Alejandre S. Fernandez Jr., Mariedel M. Repuesto, Mylyn M. Vallejo, Christopher R. Villaralbo, Mary Grace O. Awkit, Venus D. Bajao, Welbert D. Borlado, and Emerson O. Sabadlab

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-30-1
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-066

**Learning Area:** Filipino

**Grade Level:** 3

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.f Formulate arguments through reasoning with evidence

D2.1.a Acknowledge the levels of shared identity and diversity: local, national, regional

D3.1.a Demonstrate ethical and responsible behavior for a just and sustainable society

**GCED Theme:**

Culture and intercultural relations

**GCED Topic/s:**

Cultural Expressions and intercultural Exchanges and Communication

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin tungkol sa pagpapahayag ng kultura at interkultural na pagbabahagi nito sa pamamagitan ng komunikasyon.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Walang nabanggit sa CG

**Time Allotment:**

50 minutes

# TABLE OF CONTENTS

**Lesson Title**

**Lesson Introduction**

Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) 4

Pretest (What I Know / Subukin) 5

**Lesson Proper**

Activity (Wha's New / Tuklasin) 5

Discussion (What is It / Talakayin) 6-7

Enrichment Activities (What's More/Pagyamanin) 8

Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) 9

Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) 10

Application (What I Can Do / Isagawa) 11

Assessment / Tayahin 12

Answer Key / Susi sa Pagwawasto 13

References / Sanggunian 14

# RESPETO SA KULTURA NG KAPWA : DAAN TUNGO SA MAGANDANG RELASYON SA KAPWA

https://www.quora.com/Why-should-we-respect-our-culture



# LESSON PROPER

May iba't ibang katangian ang bawat isa ang paniniwala, pilosopiya, relihiyon at maging ang pag-uugali. Ito ay dulot ng pagkakaroon ng iba't ibang kulturang kinalakihan. Maaaring ang inaakala mong mali ay tama sa kanila. Anomang pagkakaiba mayroon ang bawat tao sa mundo, ang mahalaga ay marunong tayong rumespeto at umunawa sa kapwa. Bawat tao'y may dahilan sa kung bakit tayo nabubuhay sa mundong ito. At ang pagrespeto ang isa sa magiging susi upang magkaroon ng isang matiwasay at progresibong lipunan.

Sa araling ito, ay tatalakayin ang isa sa bahagi ng pananalita, ang Pangngalan. Malalaman natin kung ano at paano nga ba inilalahad ang mga pahayag na nagpapakita ng paggalang sa kapwa. Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang malalaman kung paano mapananatili ang pagkakaroon ninyo ng isang maayos na relasyon sa kapwa.

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang mga bata na:

1. Nakapaglalahad ng mga sariling pangungusap na may pangngalan at mga ideya na may kaugnayan sa konseptong GCED.
2. Nakasusuri ng mga pangungusap na may pag-intindi, paggalang at pagrespeto sa kapwa sa binasang maikling kuwento.
3. Nakabubuo ng isang presentasyon na nagpapahayag ng pag-unawa, pagmamahal at pagrespeto sa kultura at kapwa tao.

# PRETEST

## ACTIVITY (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**Gawain 1: Tama o Mali.** Isulat sa patlang ang salitang Tama kung sa tingin mo ay wasto ang pahayag at Mali kung ito'y hindi wasto.

____________ 1. Tinulungan ni Juan ang isang bagong lipat na mag-aaral na mahanap ang kaniyang silid-aralan.
____________ 2. Pinagtawanan ng buong klase si Jose dahil hindi siya marunong magsalita ng Filipino.
____________ 3. Hindi naghain si nanay ng pagkaing may halong karne ng baboy dahil alam niyang hindi kumakain ang kaniyang kaibigan na si Kristine.
____________ 4. Hindi pinilit ng aming guro si Marissa na magsuot ng palda sa klase namin sa PE.
____________ 5. Laging ipinapaalala ng aking tatay na respituhin ang kapwa natin.

# LESSON PROPER


## ACTIVITY (WHAT'S NEW / TUKLASIN)

**Gawain 2: Maglaro Tayo!**

Tawagin natin ang larong ito na Picture Talk. Hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Gamit ang mga sitwasyong ibibigay ng guro, ang bawat pangkat ay magpapakita ng larawang nabuo batay sa mga situwasyon. Matapos ito'y pipili ang guro kung sino ang nakapagpakita ng tamang larawan.











*https://dokumen.tips/documents/pagpapakita-ng-paggalang.html*

**Mga sitwasyon:**

1. Paggalang sa paniniwala ng kapwa-tao.
2. Pagtulong sa kapwa nang walang pag-aalinlangan maging sinuman siya.
3. Pagpapahayag ng mga ideya sa kapwa na may paggalang.

Yehey! Natapos natin ang laro.
(Malayang Talakayan sa klase)

**Mga tanong:**

1. Nasiyahan ba kayo sa ating laro?
2. Bakit kaya mahalaga ang paggalang sa kapwa tao?
3. Ano kaya ang mangyayari sa lipunan kung walang pagrespeto ang bawat isa?
4. Paano ipinapakita sa mga larawan ang paggalang sa kapwa o sa kultura ng bawat tao?

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT / TALAKAYIN)

**Gawain 3:** Hahatiin ng guro sa apat na pangkat ang klase. Pagkatapos basahin ang kuwento, pipili ng isang lider ang bawat pangkat. Bawat lider ay iikot sa ibang pangkat upang magbahagi sa kani-kanilang naintindihan mula sa kuwento gamit ang mga katanungang ibibigay ng guro**.**



*https://www.loonylearn.com/for-teachers*

**Si Marlong Mabuti**
ni: Mercy B. Abuloc

Marlong mabuti, ito ang laging tawag kay Marlo simula pa lamang nang siya ay bagong silang. Ayon kasi sa kaniyang ina, hindi raw niya nararanasan ang sakit sa ulo kahit noong siya ay sanggol pa lamang. Mabait, magalang at masunuring bata si Marlo. Sa kasalukuyan, nasa baitang tatlo na si Marlo. Masayahin at aktibo siya bilang mag-aaral. Tuwing naglalakad siya pauwi sa kanilang bahay mula sa paaralan ay binabati niya lahat ng kaniyang nakakasalubong. Ang kaniyang nanay na si Aleng Maria ay nagluluto ng mga kakaning ibinibenta niya habang isang magsasaka naman ang kaniyang tatay na si Mang Lolong.

Lumaki si Marlo na puno ng paalala mula sa kaniyang mga magulang. Pagiging magalang, may respeto sa kultura ng ibang tao, mahalin ang kapwa-tao at marami pang iba na siyang tumatak sa puso't isipan niya.

Isang araw, papunta na ng paaralan si Marlo, nakita niya ang isang batang mag-isang naglalakad patungo sa kaniyang paaralan. Nalaman niyang siya pala ay kaniyang bagong kaklase mula sa malayong lugar sa Mindanao. Iba ang kaniyang pananalita, iba ang kaniyang kasuotan at higit sa lahat iba ang kaniyang kulay. Ilang araw na rin na walang kumakausap sa kaniya dahil hindi naman siya maiitindihan ng kaniyang mga kaklase. Siya si Jose. Naawa si Marlo kung kaya nilapitan niya ito at kinausap. Tinulungan ni Marlo si Jose, tinuruan niya ito sa leksiyon. Naging mabuting magkaibigan ang dalawa hanggang sa naging kaibigan na ng lahat ng bata si Jose sa kanilang paaralan.

Sa kabila ng kaibahan ni Jose sa kanilang lahat ay tinanggap at inintindi ito ni Marlo. Naging mabuting modelo si Marlo sa kanyang mga kaklase. Ipinakita niya sa lahat na hindi iba si Jose. Na pareho lang silang bata na gusto ring matuto katulad nila. Sadyang ang batang si Marlo ay isang batang mabuti. May respeto, may pagmamahal, at may pag-unawa sa kapwa.

**Gawain 4: Sagutin ang mga katanungan**

Gawing laro ang talakayan sa klase, Cabbage de Papel. Isusulat ng guro ang mga tanong sa papel na parang isang dahon. Gawin itong parang cabbage. Ipapasa ng mga mag-aaral ang Cabbage de Papel habang kinakanta nila ang awiting "Leron Leron Sinta". Kapag sinabi ng guro na HINTO, hihinto sila sa pagkanta at kung sino ang nakahawak ng cabbage ay kukuha ng isang dahon at sasagutin ang nakasulat na tanong.

**Mga Tanong:**

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano-ano ang mga paalala ng mga magulang ni Marlo sa kaniya?
3. Anong klaseng bata si Marlo?
4. Anong kaugalian ni Marlo ang ipinakita niya sa kanyang bagong kaklase na si Jose?
5. Ano-anong mga katangian ang nagustuhan ninyo kay Marlo?
6. Bakit mahalaga ang pagrespeto sa kultura ng ibang tao?
7. Ginagawa rin ba ninyo ang ginagawa ni Marlo?
8. Ano kaya ang magandang maidudulot sa lipunan kung tayo ay may respeto sa kultura ng bawat isa?
9. Paano ipinakita sa kuwento ang pakikiramay ni Marlo kay Jose?

**Pagtalakay sa Wika:** Ipabibigkas ang wastong salitang dapat gamitin.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang tawag sa mga salita na may salungguhit?
2. Ano ang pangngalan?
3. Magbigay ng mga halimbawa ng pangngalan.

# LESSON PROPER

## ENRICHMENT ACTIVITIES (WHAT'S MORE / PAGYAMANIN)

**Gawain 5:** Ilarawan ang iyong sarili at isa-isahin ang mga katangian na dapat taglay in sa sarili na nagpapakita ng respeto sa kultura ng ibang tao.




*https://www.123rf.com/photo_98206311_stock-vector-vector-of-student-black-and-white-vector-illustration.html*

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED / ISAISIP)

**Konsepto**

Ang pangngalan ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Ito ang sentro o paksa na pinag-uusapan sa isang pangungusap.

Ang pangngalan ay may dalawang uri, ang pangngalang pambalana at pangngalang pantangi.

Ang pangngalang pambalana ay tinatawag na "common noun" sa Ingles. Ito ay mga pangalang nagsisimula sa maliit na titik at tumutukoy sa pangkalahatang ngalan ng tao, pook, hayop, bagay, pangyayari, at iba pa.

Halimbawa:

Tao: guro, doktor, driver
Pook: paaralan, hospital, plaza
Hayop: aso, ibon, pusa
Bagay: lapis, papel, bag
Pangyayari: piyesta, kaarawan

Ang Pangngalang pantangi naman ay isang uri ng pangngalan na ginagamit bilang ganap na pangalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Nagsisimula ito sa malaking titik.

Halimbawa:

Tao: Maria, Jose, Mario
Lugar: Maynila, Cavite, Davao
Hayop: Browny, Molly, Tweety
Bagay: Monggol 1, Adidas, Nike
Pangyayari: Fiesta ng San Jose, Christmas, New Year

**Konsepto kaugnay sa GCED:**


Alam natin na bawat isa sa atin ay may pagkakaiba sa paniniwala, kaugalian at tradisyon. Ang pagrespeto sa kultura ng bawat isa ay mahalaga na mapanatili ang katiwasayan at pagmamahal sa kapwa. Mahalagang malaman at maintindihan natin ang kinalakihang kultura ng kapwa tao upang higit nating makilala ang pinanggalingan ng bawat isa.

Ang araling ito ay may hangaring maunawaan ang mga pagkakaiba sa kung paano kumilos, makipag-usap, at makita ng mga tao mula sa iba`t ibang mga kultura sa mundo ang nasa kanilang paligid. Ang kultura ay may malaking epekto sa kung paano nagsasagawa ng negosyo ang mga tao; samakatuwid, ang mga implikasyon ng kultura ay kritikal para sa tagumpay sa isang pang-internasyonal na konteksto maging sa simple o maliit na komunidad.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT / ISAPUSO)

**Gawain 6:** Itala ang mga kaalamang iyong natutuhan mula sa araling natalakay at sumulat ng isang pagninilay ukol dito. Isulat ang iyong tugon sa ribbon *award chart*.



# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT CAN I DO / ISAGAWA)

**Gawain 7:** Gamit ang bahagi ng pananalitang Pangngalan, ilarawan ang imahe na nasa ibaba at kung paano ipinakita ang pagrespeto sa kapwa. Ibigay ang mga maaring epekto kung ang bawat tao sa mundo ay may pagrespeto sa kultura ng bawat isa.




*http://clipart-library.com/pictures-of-cultural-diversity.html*

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Gawain 8:** Tukuyin ang mga pangngalan na ginamit sa pangungusap sa bawat aytem. Punan ng tamang kasagutan ang tsart sa ibaba.

| Bilang | Pangngalang Pantangi | Pangngalang Pambalana |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |

1. Si Tatay Lumeng ang laging nagpapaalala sa akin na respetuhin ang paniniwala ng ibang tao.
2. Si Simon ay isang muslim samantalang kristiyano naman si Kulas ngunit sila ay matalik na magkaibigan.
3. Lagi akong sinasabihan ni Lolo Jose na huwag tuksuhin ang mga batang iba ang kultura kaysa sa aming pamilya.
4. Laging pinag-iisipan ni Kristine ang mga salitang sasabihin upang maiwasang makasakit ng damdamin ng kapwa.
5. Tinuturuan ni Marlo ang kaniyang kaibigang Maranaw sa mga gawain sa kanilang klase.

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Gawain 1** .

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Gawain 4**

1. Marlo, Aleng Maria, Mang Lolong, Jose
2. Magalang, may respeto sa kultura ng iba, may pagmamahal sa kapwa.
3. Mabait, masunurin, mapagmahal sa kapwa, at may respeto sa kapwa
4. May respeto sa kultura ng iba
5. Mabait, masunurin, mapagmahal sa kapwa, at may respeto sa kapwa
6. Mahalaga ang pagrespeto sa kultura ng ibang tao para may pagkakaunawaan at may maayos na relasyon ang bawat isa.
7. Oo, ang paggalang at pagrespeto sa kultura ng iba.
8. Maayos ang lipunan
9. Ipinakita sa kuwento ang pakikiramay ni Marlo kay Simon sa pamamagitan ng paglapit at pakikipagkaibigan nito sa kabila ng kanilang pagkakaiba.

**Pagsanib ng wika**

1. Pangngalan
2. Ang pangngalan ay ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari
3. Maria, Marlo, paaralan, Pilipinas

**Gawain 8**.

| Bilang | Pangngalang Pantangi | Pangngalang Pambalana |
|---|---|---|
| **1** | Lumeng | |
| **2** | Simon, Kulas | Kristiyano, muslim |
| **3** | Lolo Jose | bata |
| **4** | Kristine | |
| **5** | Marlo, Maranaw | |

# PREFERENCES
## SANGGUNIAN


Yonson, Denmark L. Ang Pamilyang Pilipino at ang Kanilang Tungkulin sa Tahanan. GCED Lesson Exemplar. Mother Tounge

Department of Education.2016. K to 12 Curriculum Guide Mother Tongue (Grade 1 to Grade 3). Pasig City.

Areta, Gerry. C.; Cantillo M. L.; & De Guzman, Zyra R. Philippine GCED KSA Development and Integration. Learning Area: Mother Tongue

비매품/무료
13370
9 791187 819301
ISBN 979-11-87819-30-1